BRAMPTON

Media Release

PARA SA AGARANG PAGLABAS

# Sampung pasilidad ng Lungsod ng Brampton ay Rick Hansen Foundation Accessibility Certified

BRAMPTON, ON (Disyembre 2, 2021) – Sampung pasilidad ng Lungsod ng Brampton ang nakatanggap ng Rick Hansen Foundation Accessibility Certified rating sa pamamagitan ng programang Rick Hansen Foundation Accessibility Certification™ (RHFAC). Ginawaran ang Lungsod ng complimentary ratings biang bahagi ng pinagsamang inisyatiba sa pagitan ng Pamahalaan ng Ontario at ng Rick Hansen Foundation. Sa pagtanggap nitong complimentary RHFAC ratings, makapagpapatuloy ang Lungsod sa pagtatrabaho para mas maunawaan ang antas ng accessibility sa mga piling gusali, tukuyin ang mga  pagpapahusay sa accessibility sa hinaharap at mas pahusayin ang mga pamantayan sa accessibility na kasalukuyang ginagawa.

Kabilang sa mga pasilidad ng Lungsod ang nasertipika ng RHFAC ang:

- City Hall – 75 porsyento
- Bramalea Transit Terminal – 74 na porsyento
- Brampton Gateway Transit Terminal – 74 na porsyento
- BFES Apparatus and Maintenance Facility –  73 porsyento
- Gore Meadows – 72 porsyento
- Cassie Campbell – 71 porsyento
- Springdale Library Branch – 71 porsyento
- The Rose Theatre –  70 porsyento
- Lester B. Pearson Theatre – 70 porsyento
- POA Courthouse – 68 porsyento

Ang Lungsod ng Brampton at ang Accessibility Advisory Committee nito ay dedicated sa pagtiyak na ang mga tao sa lahat ng edad at kakayahan ay makikinabang sa parehong mga pagkakataon habang sila ay namumuhay, nagtatrabaho, bumibisita at namumuhunan sa Brampton. Para mas matuto pa tungkol sa accessibility sa Lungsod, bisitahin ang www.brampton.ca/accessibility.

**Tungkol sa programang Hansen Foundation Accessibility Certification™**

Ang programang RHFAC ay gumagamit ng bihasang mga propesyonal para magbigay ng accessibility ratings gamit ang RHFAC methodology para sa mga Negosyo at mga pampublikong gusali para makatulong sa mga manager at may-ari ng mga propyedad na pasyahan ang mga paraan para tanggalin ang mga balakid, na ginagawang mas accessible ang kanilang mga espasyo at komunidad. Ang mga organisasyon na niri-rate sa pamamagitan ng programang RHFAC ay nakakakuha ng

kumpidensyal na scorecard rating at report ng susing mga bahagi ng tagumpay at pagpapahusay para sa kanilang lokasyon. Alamin ang mas marami pa tungkol sa programa sa www.rickhansen.com/ontarioratings.

**Mga Quote**

“Ang Lungsod ng Brampton ay isang Mosaic, at committed tayo sa pagtanggal sa mga balakid para sa mga taong may kapansanan para ang bawat isa sa ating diverse na komunidad ay makakalahok nang ganap. Ipinagmamalaki natin na sampu sa ating mga pasilidad ay naging Rick Hansen Foundation Accessibility Certified, at tinatanggap ang feedback na natanggap natin mula sa Rick Hansen Foundation. Sa mas mabuting pang-unawa sa antas ng accessibility ng ating likasyon, patuloy tayong makapagtatrabaho tungo sa paggawa sa ating Lungsod na mas nagsasali at madaling mapapasukan ng lahat.”

*- Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Bilang kasapi ng mga Advisory Committee sa Accessibility ng Lungsod ng Brampton at ng Rehiyon ng Peel, ikinagagalak kong marinig na sampu sa ating mga lokasyon ang nakatanggap ng Rick Hansen Foundation Accessibility Certified rating at nakakatugon sa mandatoryong mga hinihingi sa sertipikasyon , at inaamin na meron pa rin tayong trabahong dapat gawin. Ang pagtanggal sa mga balakid ay nagpapa-accessible sa ating komunidad para sa lahat, at sa pag-unawa sa mga antas ng accessibility ng mga gusali natin, patuloy tayong makagagawa ng edukadong mga pagpapahusay sa , accessibility, na nagpapahintulot sa lahat ng residente na mag-enjoy sa mga pasilidad ng Lungsod.”

*- Pat Fortini, Rehiyonal na Konsehal, Wards 7 at 8, Miyembro ng Konseho ng Accessibility Advisory Committee, Lungsod ng Brampton; Miyembro, Accessibility Advisory Committee ng Rehiyon ng Peel.*

“Sa Lungsod ng Brampton, committed tayo sa pagtayo ng Mosaic na Lungsod na naglilingkod sa mga tao sa lahat ng kakayahan. Ang RHFAC ratings na ito ay nagbibigay ng mga pananaw sa kung paano gawing mas accessible ang ating mga pasilidad para sa lahat ng residente ng Brampton, at maglalagay sa atin sa puwesto na makagawa ng nararapat na mga pagpapahusay sa accessibility sa hinaharap.”

*- David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

"Gusto kong batiin ang Lungsod ng Brampton sa pagkamit ng RHF Accessibility Certified para sa sampung site at ginagawa ang unang hakbang tungo sa pagbuo ng tumatanggap na kapaligiran para sa lahat, saanman. Ipinapakita ng Brampton ang tunay na liderato sa industriya na may hawak ng sus isa ganap na paglahok ng mga taong may kapansanan, kanilang mga kaibigan, at kanilang mga pamilya.”

*- Brad McCannell, Bise Presidente ng Access at Pagsasali sa Rick Hansen Foundation*

-30-

**Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo.** Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na

ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa Twitter, Facebook, at Instagram. Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca

**KONTAK NG MEDIA**

Monika Duggal
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca